

Paano Kami Nakakuha ng mga Bakuna sa COVID-19 nang Napakabilis?

Pebrero 23, 2021

Mas mababa sa isang taon mula nang magsimula ang COVID-19 na pandemya, marami nang mga bakuna ang nabuo at inaprubahan. Ang buletin na ito ay nagpapaliwanag kung paano ito nangyari nang napakabilis. **Ang impormasyon sa buletin na ito ay pinatotohanan ng mga doktor at mga mananaliksik.**

1. Ang mga siyentipiko, mga pamahalaan at internasyunal na mga ahensiya ay naghahanda para sa isang pandemya.

- Ang mga siyentipiko, mga pamahalaan at internasyunal na mga ahensiya mula sa iba-ibang mga bansa ay inaasahan ang isang pandemya sa loob ng maraming mga taon at nakagawa na ng mga pagsosyohan upang pabilisin ang proseso ng pagbubuo ng mga bakuna.
- Ang COVID-19 ay hindi ganap na isang bagong uri ng virus. Ito ay pareho sa ibang mga coronavirus tulad ng virus na SARS, na malawak nang napag-aralan.
- Ang mRNA na teknolohiyang ginamit upang gumawa ng dalawang mga bakuna na magagamit sa Canada (Pfizer-BioNTech at Moderna) ay nabuo na at naimbestigahan para sa mga ibang nakakahawang sakit. Sa gayon, ang teknolohiyang ito ay maaaring magamit nang napakabilis sa sandalling ang COVID-19 na virus ay natukoy.

2. Lahat ay nagtatrabaho nang mahusay nang sabay-sabay.

- Ang genetikong materyal mula sa virus ay mabilis na natukoy at ginawang publiko.
- Ang nadagdagang pandaigdigang pagpopondo ay itinalaga sa pagsasaliksik ng bakuna sa COVID-19.
- Ang mga pagsusubok at pagsasaliksik ay nangyayari nang sabay-sabay sa iba't ibang mga sentro.
- Ang mga mananaliksik na nagtatrabaho sa pagbubuo ng mga bakuna ay gumamit ng mga elektronikong pamamaraan upang kolektahin at ibahagi ang kanilang data sa mga mabisang paraan.

3. Maraming mga taong nagboluntaryo para sa pagsusubok.

Ang mga bakuna ay hindi maaaring maaprubahan hanggang sinubukan ang mga ito sa maraming tao. Tinatawag itong "mga klinikal na pagsubok". Mayroong maraming suporta sa publiko para sa mga klinikal na pagsubok sa COVID-19 at libu-libong mga tao sa lahat ng pinagmulan ang nagboluntaryo nang mabilis upang lumahok sa mga pagsubok. Kaya't ang laki ng mga klinikal na pagsubok upang mabuo ang mga bakuna sa COVID-19 ay mas malaki kaysa sa karaniwan sa mga naturang pagsubok.

4. Ang mataas na mga antas ng impeksyon ay nakatulong sa pagsusubok sa bakuna.

- Pinadaling makita ng mataas na antas ng mga impeksyon sa COVID-19 kung ang bakuna ay nagbibigay ng proteksyon laban sa COVID-19. Sa loob ng maikling panahon, mayroong makabuluhang mas mataas na bilang ng mga taong nagkakasakit mula sa COVID-19 sa pangkat na hindi nakatanggap ng bakuna kumpara sa pangkat na nakatanggap ng bakuna. Ipinakita nito na epektibo ang bakuna.
- Kadalasan, ang mga mananaliksik ay kailangang magsubok nang maraming beses bago lumikha ng isang bakuna na mabisa. Ngunit ang unang bakuna sa COVID-19 ay gumana nang maayos sa panahon ng pagsubok.

5. Ang mga proseso ng pagsusuri at regulasyon ay nagsimula nang maaga.

Noong nakaraan, ang mga pamahalaan at iba pang mga lupong pangregulatoryo ay nagsisimula lamang ng kanilang mga proseso ng pagsusuri sa bakuna matapos makumpleto ang pagsasaliksik at pagsusuri. Ngunit sa oras na ito, sinuri nila ang data ng pananaliksik sa bawat yugto ng pananaliksik, na ginawang mas mahusay ang proseso ng pagsusuri. Walang hakbang na pangkaligtasan ang nilaktawan. Ang mga prosesong pang-administratibo ay isinagawa nang sabay-sabay sa proseso ng pagsasaliksik, na nakatipid ng napakalaking oras.

Napakapalad natin sa pagkakaroon ng mga bakunang COVID-19 na ginawa at naipamahagi sa loob ng isang taon. Muling nakakapagbigay-katiyakan na malaman na wala sa mga prosesong pangkaligtasan na ginamit upang makabuo ng mga bakuna ay tinanggal sa pagbubuo ng bakuna sa COVID-19.

Ang impormasyon sa buletin na ito ay napatunayan ng mga doktor ng Canada: Meb Rashid MD, Katulon na Propesor, Unibersidad ng Toronto, Vanessa Redditt, MD, Tagapaglektura, Unibersidad ng Toronto at Isaac I. Bogoch, MD, Kasamang Propesor, Unibersidad ng Toronto

